PAANO MAGING joyfully single



HAROLD J. SALA

OMF LITERATURE INC.
Manila, Philippines

PAANO MAGING JOYFULLY SINGLE
Copyright © 2011 by Harold J. Sala

All Scripture quotations, unless otherwise indicated, are taken from the Holy Bible: New International Version. Copyright © 1973, 1978, 1984 by the International Bible Society.
Used by permission of Zondervan Publishing House.

Cover design by Amor Aurelio Alvarez
Typesetting by Marianne C. Ventura
Translated by Beng Alba

Published (2011) in the Philippines by
OMF Literature Inc.
776 Boni Avenue
Mandaluyong City, Metro Manila
www.OMFLit.com

ISBN 978-971-009-103-4

Printed in the Philippines

contents

Introduction: Joyfully Single? *5*

Chapter one Ang mga Decisions sa Buhay at ang Will ni God *9*

Chapter two Bago Mo Iwan ang Pagiging Single *39*

Chapter three Don't Worry—Be Happy! *65*

Endnotes *82*

Joyfully Single?

Maliban sa pagiging single ko bago dinala ng Diyos ang napakabuting babae sa buhay ko, ang asawa kong si Darlene, kinacounsel at nakakatrabaho ko na ang maraming tao—karamihan sa kanila ay single—sa mahigit na 35 years mula nang magminister ako. Mula nang magconduct ako ng family seminars noong 1970s, narealize ko na marami sa mga ito ay nakatuon lang sa isang bahagi ng church—ang mga may-asawa. Sa mga travels ko, marami akong nakikilalang singles at ang ilan sa kanila ay galit at frustrated. Feeling nila ay nababalewala sila. Dahil dito ay naiirita sila at nagagalit sila kay God at sa ibang tao na ang tingin sa pagiging single nila ay "sakit" kung kaya naman hindi

magkandaugaga ang ibang tao sa pagpapakilala ng pwedeng maging match nila.

Ang ginawa ko ay sinubukan kong i-address ang mga needs ng mga singles. Nagsulat ako ng mga materials at nagconduct ng mga seminars, at kadalasan, nakikinig at nakikiempathize sa kanila. Tapos, sinubukan kong tumulong sa mga pastor, administrator at iba pang mga leaders na maintindihan ang mga unique needs ng singles at ibigay sa kanila ang respeto na dapat na ibinibigay sa kanila bilang anak ng Diyos.

Habang nag-aalmusal ako at kinakausap ang 31-year-old kong anak na si Steve tungkol sa librong ito, may pagdududang tinanong nya sa akin, "Dad, ano ang magigiging bottom line ng libro mo?"

"Steve, gusto kong tulungan ang mga singles na maintindihan na pwede silang magkaroon ng contentment at peace right now, na hindi nila kailangang magkaroon ng asawa para maging masaya. Gusto kong matulungan sila na matanggap kung sino sila at madiscover kung ano ang gusto ng Diyos para sa buhay at sa future nila."

"Kung may asawa lang ako, magiging masaya na ako," ang linyang maraming beses ko na ring narinig. Pero kung di ka na masaya as a single person, hindi mababago ng marriage ang outlook

mo at baka nga mas lalong mapasama pa. May mga ilan sa inyong mga single ang winiwish na maging married kayo pero maraming may asawa ang winiwish na single sila! Ang contentment ay isang choice, isang decision na pwede mong gawin at pwede mong makamit whether single o married ka.

Isinulat ko ang *Paano Maging Joyfully Single*[*] na may kasamang panalangin at pag-asa na tutulungan ka ni God na mahanap ang contentment at fulfillment nasaan ka man ngayon sa buhay mo.

[*] Ang kumpleto at mas mahabang version nito ay available in English bilang Joyfully Single.

chapterone

Ang mga decisions sa buhay at ang will ni God

May isang empleyado na nagtratrabaho sa orange packing plant. Wala siyang ibang ginagawa kundi umupo malapit sa conveyor belt at mag-sort ng mga oranges: small, medium, large. Day in, day out—ganun lang ang ginagawa niya: Small, medium, large. Small, medium, large.

Ang sabi ng kaibigan niya, "Hay, ikaw na yata ang may pinaka-boring na trabaho sa buong mundo—wala kang ibang ginagawa kundi umupo diyan at maglagay ng mga oranges sa box."

"Hindi kaya," ang sabi ng empleyado, "Nakakapagod, oo, pero hindi boring. Yung pagdedesisyon—yun ang nakakapagod. Small, medium o large ba? Walang-katapusan ang pagdedecide ko!"

Nakakarelate ka ba?

In life we have to make a lot of decisions.

NASAAN SI GOD SA PAGDEDECIDE MO?

Dati, simple lang ang buhay. Kapag pumunta ka sa restaurant at umorder ng hamburger at softdrink, yun mismo ang makukuha mo. Pero gawin mo ito ngayon at madami pang itatanong sa iyo: "Anong klaseng softdrink? Regular, Diet o light?" Sa hamburger naman, tatanungin ka rin, "Anong klaseng bun ang gusto mo—white bread, multi-grain o wheat bread?"

Parang gusto mo tuloy sabihin na, "Teka, hindi kita nanay, at di ko kailangang sagutin lahat ng mga tanong mo. Gusto ko lang talaga ng hamburger at softdrink."

Hindi ko sure kung mag-aagree ka na hindi simple ang buhay. Whether you like it or not, bilang isang single, mafoforce kang magdecide tungkol sa future mo. Pag inignore mo naman ang mga decisions na ito, ibang tao na ang magdedecide para sa yo.

Nasaan si God sa mga decision na gagawin mo? Meron ba Siyang direct will? O sa tingin mo ba ay malabo ang gusto Niyang ipagawa sa iyo?

May mga singles na lumaki sa paniniwalang may Diyos at may gusto Siya para sa mga anak Niya in relation sa mga big decisions ng buhay: Ano ang magiging career mo at, siguro, kung sino ang mapapangasawa mo. Pero other than that, ang feeling nila ay sinasabi sa kanila ni God na bahala

na sila sa ibang mga decisions—basta piliin na lang ang sa tingin nila ang the best para sa buhay nila.

Pero bago ka maconvince sa mindset na yan, tingnan mo ang nature sa paligid mo. Tumingala ka sa langit pag gabi at makikita mo ang mga stars, at may matututunan ka kung gaano kalawak ang kalangitan. O di kaya'y sumilip ka naman sa microscope at marerealize mo kung gaano kahalaga yung mga maliliit na bagay para gawin ang mas malalaking bagay.

Kahit ang nature ay nagpapakita ng pattern of order and precision na nagrereflect ng mind ng ating Creator. Every 24 hours, nagrorotate ang Earth sa axis nito. Ito ang dahilan kung bakit tayo'y may day and night. Ang nararanasang seasons ng maraming bansa ay direct result naman ng 23.5-degree tilt ng Earth sa axis nito. Ang atmosphere din na bumabalot sa planeta natin ay nasa precise proportion para maka-sustain ng human life—eighty percent nitrogen at twenty percent oxygen.

Kung ang atmosphere ay may mas maraming oxygen, masusunog tayo. Kung mas konti naman, patay din tayo. Ang ratio na four parts nitrogen at one part oxygen ay saktong-sakto lang. Kung nagkaroon ng ratio na two parts nitrogen sa one part oxygen, magiging laughing gas

na ang atmosphere natin. Two parts nitrogen at two parts oxygen naman ay magproproduce ng nitric oxide at mamamatay tayong lahat sa deadly fumes nito.

Nung si Jim Irwin, isa sa mga Apollo 15 astronauts, ay nakikipag-usap sa akin habang naghihintay kaming isalang sa isang TV program, tinanong ko siya, "Jim, nung nakaupo ka sa loob ng rocket na iba-blast off na sa space, naisip mo ba na yun ang rocket na inassemble ng mga taong napanalunan lang ang lowest bid?"

Natawa siya at sinabi niya, "Hindi ko lang naisip yon. It scared me half to death!"

May isang scientist na nagpoint out na kung ang Saturn rocket ay 99.999 percent foolproof, meron pa ring 518 parts na pwedeng pumalpak. Libu-libong parts ang kailangang magfit at magwork together para lang maging successful ang launch ng missile. Ang nakita nating nightmare na nangyari sa Apollo 13 ang nagpatunay kung gaano kalaking danger ang meron kung kahit isang part lang ang pumalpak. May isang space mission nga na na-abort dahil nagmalfunction ang isang part na less than 1 dollar ang halaga.

Sinasabi sa Bible na hindi lang interested si God sa buhay mo pero meron Siyang direct will

para sa future mo. For example, i-consider mo ang mga verses na ito:

> "Do not be foolish, but understand what the Lord's will is."
>
> *Ephesians 5:17*

> "In him we were also chosen, having been predestined according to the plan of him who works out everything in conformity with the purpose of his will."
>
> *Ephesians 1:11*

> "Do not conform to the pattern of this world, but be transformed by the renewing of your mind. Then you will be able to test and approve what God's will is—his good, pleasing and perfect will."
>
> *Romans 12:2*

Pwedeng naiisip mo ito: *Well, nagwowork siguro yan sa ibang tao, pero hindi sa akin.* Pero isipin mo rin na baka may namimiss out ka na importanteng bagay.

Kung sakaling nakasalubong mo ako pagkatapos ng isang seminar at nang palabas na ako ng pinto ay kinausap mo ako at sinabing, "Dr Sala, may major decision akong kailangang gawin. Ano sa tingin mo ang dapat na next step ko?" Makikinig ako sa iyo nang mabuti at kung sapat na ang alam ko at may naisip nang akmang

principle na based sa Bible para sa sitwasyon mo, ibibigay ko na sa iyo ang advice ko.

Pero kung sakaling ang anak kong lalaki ang pumunta sa akin at nagsabing, "Dad, gagawin ko na yata ang pinakamalaking decision ng buhay ko. Can we talk about it? Baka sakaling matulungan mo ako kung ano ang dapat kong gawin." Kung kinakailangang hindi ako matulog buong gabi para lang makinig, mag-analyze at magdasal, gagawin ko.

Anong pagkakaiba sa dalawang scenario?
Hindi naman sa dahil hindi ka importante sa akin. Importante ka. Pero nag-iisang anak na lalaki ko lang si Steve, sariling dugo't laman ko. Kung kinakailangang ibigay ko ang buhay ko para sa kanya, gagawin ko.

ANAK KA NA NI GOD

Eto ang analogy: Nang maging Christian ka na, naging anak ka na ng Diyos, inadopt sa pamilya Niya at binigyan ng full rights and privileges. Bilang anak Niya, alam mong importante sa Diyos, bilang Tatay mo, ang anumang dinadaing mo.

Habang lumalaki ang mga anak ko, I clearly tell them kung ano ang ineexpect ko sa kanila. Pwedeng naiisip mo, "Para ka sigurong diktador!"

Hindi, para akong isang tatay na mahal na mahal ang mga anak niya.

Lagi ba nilang ginagawa ang gusto mo? No, of course not. Ikaw, lagi mo bang ginagawa ang inuutos sa yo ng tatay mo? Meron silang sariling gusto at dun nagsisimula ang mga conflict.

Anuman ang will ni God para sa yo, may choice ka na kailangang gawin: Gagawin ko ba ang gusto kong gawin o magtitiwala ako kay God, na Tatay ko, na malinaw na sabihin sa akin kung ano ang gusto Niyang gawin ko? At dahil narealize kong mahal Niya ako at gusto lang ang the best para sa akin, gagawin ko ba kung ano ang ipinagagawa Niya sa akin?

Sabi nga sa Jeremiah 29:11:

> "For I know the plans I have for you," declares the LORD, "plans to prosper you and not to harm you, plans to give you hope and a future."

Paano ba mahahanap ang plano ni God?

Sa pag-aaral sa Old Testament, malalaman natin doon na ipinapakita ni God ang sarili Niya sa iba't ibang paraan. May mga instances na ipinaparinig Niya ang boses Niya katulad ng nangyari kay Moses nang makita niya ang burning bush. Minsan naman nagpapaparamdam Siya sa pamamagitan ng dreams o visions. Meron ding mga

times na ipinaparating Niya ang mga messages Niya sa mga anghel!

Ok sana kung maririnig natin ang boses ni God na magsasabi sa atin ng "Wag na wag mong pakakasalan ang mokong na yan!" O di kaya'y, "Same time next year mami-meet mo na ang babaeng para sa yo."

Anlaking tulong sana kung pwede na nating mapanaginipan ang future natin. Pero mapapagkatiwalaan mo ba ang direction na maibibigay sa yo ni God sa pamamagitan ng dreams? Kung ako ang tatanungin mo, hindi ako sure kung di lang ba ako natunawan o dahil lang sa pag-aalala kung bakit minsan ay binabangungot ako, lalo na yung nakikita ko ang sarili kong gumagawa ng mga bagay na kasuklam-suklam sa akin, na hindi ko talaga gagawin sa totoong buhay. Kaya wag kang masyadong umasa sa dreams. At wag mo ring i-expect na may pipigil sa iyong anghel pag may gagawin kang hindi maganda.

Pasahero si F.B. Meyer sa isang barkong naglalakbay mula London papunta sa Holyhead Harbor sa Ireland. Nasa deck siya nung nakita niyang papasok na ang barko sa harbor. Alam ni Meyer na rocky ang coast at ang harbor mismo ay may iba't ibang lalim, kaya nag-alala siya nang hindi bumagal ang takbo ng barko.

"Captain, paano ka naging gamay sa Holyhead Harbor?" tanong ni Meyer, pero ang nasa isip niya talaga ay, "Hindi ba dapat nagso-slow down na tayo?"

Sumagot ang kapitan, "Nakikita mo ba yung tatlong ilaw na iyon?" Paliwanag niya, "Kapag yung tatlong ilaw na iyon ay nasa isang hilera na, alam ko na na nasa gitna na ako ng channel."

Noong ikinukuwento na ni Meyer ang experience niya, ang lagi rin niyang sinasabi, "Kung gusto nating malaman ang will ni God, may tatlong bagay na kailangang mag-agree: Ang Salita Niya, ang sinasabi ng Holy Spirit sa puso natin, at ang dikta ng mga circumstances."

Bilang isang single, pwede mo ring gamitin ang tatlong ito para tulungan kang malaman ang direction ng buhay mo.

1 ANG SALITA NIYA: THE BIBLE

May napakaradical akong sasabihin sa yo na baka kailangan mong mapatigil at mag-isip bago ka mag-agree. Ang basis ng pagsasabi kong ito ay ang taon-taon kong pag-aaral, kasama na rito ang master's at doctorate degrees ko sa biblical text, at isama mo na rin ang tatlong dekadang experience ko working with people. Eto yun: Ang Bible ang nagbibigay sa atin ng direction either sa principle o sa precept (maaaring direct statement

na nagsasabi ng kagustuhan ng Diyos o di kaya'y isang moral o spiritual framework na nagbibigay ng principle) para sa bawat decision na gagawin mo sa buhay.

Pero ano ang gagawin mo sa mga issues na ito:

- Makikipag-live in ba ako sa taong nagsasabing mahal niya ako pero hindi naman willing na pakasalan ako?
- Dahil konti na lang ang mga lalaki, ok lang bang magpakasal sa hindi Christian?
- Itutuloy ko ba ang pagbubuntis ko o ipapa-abort ko na lang ang baby dahil yun ang gusto ng parents ko?
- Bakit hindi pwedeng makipag-sex kung may plano naman kaming magpakasal in the future?
- Dapat bang mag-stay ako sa bahay para maalagaan ang parents kong tumatanda na?

Sa mga pages ng Bible, marami kang makikitang direct (kahit minsan winiwish natin na sana hindi na lang ito direct), specific statements na nagsasabi sa atin kung ano ang dapat nating gawin. For example, may mababasa tayo tungkol sa klase ng tao na dapat nating pakasalan, paano tratuhin ang parents natin na may respeto at

honor habang finifigure out mo kung paanong papatakbuhin ang buhay mo, paano maayos ang mga conflicts with others, paano magkakapeace of mind at ano ang aasahan mo sa future.

Pero wala kang makikitang specific answers sa lahat ng mga issues na binanggit ko. Ang makikita mo ay mga principles na magga-guide sa yo sa bawat issue. For example, pag nag-check ka ng corcordance, hindi mo makikita ang salitang "Abortion" na nakalista sa letter A. Ang makikita mo ay madaming verses na nag-aaffirm sa atin ng halaga ng buhay, kahit nasa sinapupunan pa lang. Kapag nag-sink in sa iyo ang reality na ito, ito ang magbibigay sa iyo ng direction para masunod mo ang will ni God at tanggapin ang katotohanan na may buhay na ang dinadala mo sa sinapupunan mo.

Wala kang mababasa sa Bible na magsasabi sa iyo kung dapat mo bang kainin ang hamburger na puno ng sibuyas at mantika, o kung dapat bang kainin mo na lang yung salad with light dressing. Pero sasabihin nito sa iyo na ang katawan mo ay temple ng Holy Spirit at ang pag-aabuso nito sa di pagkain ng tama ay kasing-mali ng pag-aabuso nito dahil sa drugs.

2 ANG SINASABI NG HOLY SPIRIT SA PUSO NATIN

"Earnest Christians seeking guidance often go about it wrong," sabi ni J.I. Packer, isang matalinong lalaking naniniwala sa Diyos. Dagdag pa niya, "Their basic mistake is to think of guidance as essentially an inner prompting of the Holy Spirit, apart from the written Word."[1] Ang totoo: Ibinubulong ni God ang gusto Niyang ipagawa sa atin, na never na tataliwas sa sinasabi Niya, na mababasa natin sa Bible.

Ang problema lang ay paano mo malalaman kung ang nararamdaman mo ba ay will mo o will ni God. Naisip ko tuloy ang nangyari sa isang lalaking matindi ang pangangailangan sa pera. Pinagpray niya ito at nagdecide na ang best way para magkapera ay tumaya sa horse race.

Kinuha niya ang racing card at pinagpray ito, nagpapatulong sa Diyos na sana ituro sa kanya kung anong number ang mananalo. May nasense siyang boses na nagsabing, "Seven . . . seven."

"Ok, yun na yun!" ang sabi niya. "Ang sinasabi sa akin ni Lord ay itaya ko ang pera ko sa pang-seven na kabayo sa seventh race."

At iyon nga ang ginawa niya. And you know what? Ayun, seventh place yung kabayong tinayaan niya!

May mga times ba na nafeel mo na hindi ka sure kung yung nararamdaman mong ibinubulong ng puso mo ay galing lang sa sarili mo o galing talaga sa Diyos? Nahihirapan ka bang pumili minsan kung will ba Niya ang susundin mo o yung sa iyo?

May mga questions na pwede mong itanong sa sarili mo na magsasabi sa iyo kung ang nararamdaman mo ba ay galing sa Holy Spirit, o sa iyong sariling kagustuhan lang, o pwede ring—nakakatakot mang isipin—sa evil spirit. Here are the questions:

Gusto ko ba talagang ipakita sa akin ng Diyos ang dapat kong gawin sa bagay na ito?
Basic naman ang tanong. Hindi naman finoforce sa atin ni God ang gusto Niyang ipagawa sa atin. On the authority of Scripture, kaya kong sabihin na kung gusto mong malaman ang will ni God para sa buhay mo, kaya mong malaman ito.

Noong kabataan niya sa Germany, si George Müller ay isang intellectual na hindi naniniwala sa Bible. Nang maimbitahan siya sa bahay ng isang kaibigan niya, narinig ni Müller ang host niya na nag-pray pagkatapos kumain. Sa sobrang lakas ng impact sa kanya nun, pagkauwi niya ng bahay ay napaluhod siya at naconvert.

Pagkatapos niyang maconvert, nagdecide si Müller na susubukan niyang itest ang mga pangako ng Diyos sa pama-magitan ng prayer. Nag-work ba? The simple fact na inanswer ni God ang mga prayers niya, in ways na mahirap i-explain, ang nagpatunay kay Müller na totoo ang sinasabi ni God sa Bible at ito rin ang nagbigay ng direction sa buhay niya. Nagtayo siya ng mga orphanages sa Britain at sa buong buhay niya, never siyang nanghingi ng tulong sa iba, maliban nalang sa paga-ask sa Diyos na i-honor Niya ang Salita Niya at ipadala ang mga pangangailangan nila.

Eto ang sinabi ni George Müller tungkol sa kung paano niya nahahanap ang will ni God sa mga decision ng buhay niya,

> "I seek at the beginning to get my heart into such a state that it has no will of its own in regard to a given matter. Nine-tenths of the trouble with people is here. Nine-tenths of the difficulties are overcome when our hearts are ready to do the Lord's will, whatever it may be. When one is truly in this state, it is usually but a little way to the knowledge of what His will is."

Talaga bang naisantabi ko na ang sarili kong will?

Honestly, masasabi mo bang, "Lord, Thy will be done"? Sa pagsagot sa tanong na iyan, mabuting tandaan mo na alam ng Diyos kung sino talaga tayo. Maniwala man ang mga kaibigan at pamilya natin sa image na pinoproject natin, nakikita ni God kung ano talaga ang nasa puso natin. Madalas, nagpe-play games lang tayo with God. Kung masasabi mo talaga in all honesty na, "Oo, alam ko sa puso ko na willing akong i-set aside ang sarili kong will sa bagay na ito at sundin ang direction ng Diyos," malapit mo nang mahanap ang solusyon sa problemang pinagdadaanan mo.

Kaya ko bang tanggapin kung anuman ang maging direction ng Diyos para sa buhay ko kahit ibang-iba ito sa gusto kong gawin?

Mas madaling mangopya kaysa mag-aral para makapasa sa exam. Madalas ay mas madaling maging dishonest para lang kumita ng mas malaki. Mas madaling magbulag-bulagan pag may nangangailangan ng tulong. Ngunit kung seryoso tayo sa pananagutan natin sa Heavenly Father natin, pwede tayong mag-fall back sa pangako ni God nang sabihin Niyang, "I will instruct you and teach you in the way you should go; I will counsel you and watch over you" (Psalm 32:8).

Pwedeng iba ang will ni God sa gusto mo. Ang will Niya ay maaaring hindi ang easy way out, pero kasama naman sa pagsunod sa will Niya ang ibibigay Niyang kakayahan sa yo para magawa mo ito.

Naalala mo ba ang sinabi ni Apostle Paul, "Therefore do not be foolish, but understand what the Lord's will is" (Ephesians 5:17)? Ang pagdedecide na sundin ang gustong ipagawa sa iyo ng Diyos ay isang napakalaking hurdle; pero makakasiguro ka na igaguide ka ni God patungo sa kagustuhan Niya, kapag nagdecide ka na na gusto mong gawin ang ipinapagawa Niya sa iyo.

Ang nararamdaman mo bang gustong ipagawa sa iyo ay hindi contrary sa sinasabi sa Bible?
May mga pagkakataon na ang nararamdaman mo ay contrary o di umaayon sa circumstances (na dictated by logic), pero umaayon naman sa kung anong sinabi ni God sa Bible. Isipin mo nalang ang nangyari kay Abraham nang sabihin sa kanya ng Diyos na iwan ang lupain ng Ur at pumunta sa lugar na ipapakita Niya sa kanya. Naiimagine mo ba kung anong nararamdaman ng tatay niya, si Terah, nang sabihin ng anak niya na aalis siya?

Hindi kaya sinabi ni Terah sa anak niya, "Abe, walang sense itong gusto mong gawin. Ang ganda ng tinitirhan mo. Nasa atin ang lahat ng gusto

natin. Ano tong sinasabi mong pinapapunta ka ni God sa malayo?" Pero kahit ano pang sinabi ng tatay niya, tinawag ng Diyos si Abraham.

Kinoconfirm ba ng godly people na neutral sa isyu na tama ang gusto mong gawin?

Kung ang isa pang believer, lalo na kung mature at maka-diyos, ay nagsasabing ito nga ang direction ng Diyos para sa iyo, makakatulong iyon para iconfirm na tama nga ito. Hindi naman kailangan na ang bawat decision mo ay iconfirm ng "spiritual overseer," pero ang wisdom ng ibang mga Christians, na mas may karanasan na sa buhay, ay makakatulong para makasigurado ka, at magbibigay din sa iyo ng confidence na magtiwala kay God kapag nahihirapan ka na. Makakatulong din ang advice ng iba para maiwasan ng mga tao na gawin ang mga bagay na mali—tapos isinisisi pa ng iba sa Holy Spirit kahit ang sarili nilang kagustuhan ang nagdikta nito.

Ito ang nasabi ni Paul Little tungkol dito,

> "The conviction of the Holy Spirit is quite different from the 'gung ho' emotion which prods us today to get on a plane to Hong Kong, and tomorrow to move to Chicago. When the Holy Spirit begins to move in our hearts, one conviction deepens and, while we recognize other situations, we sense that this is the will of God for us."[2]

Ang paghahanap ng godly counsel ay makakatulong sa iyong marinig ang bulong ng Holy Spirit at maiwasan ang self-deception na pwedeng mag-cause ng mga decisions na pagsisisihan mo later on.

3 ANG DIKTA NG MGA CIRCUMSTANCES

"Dear God," ang prayer ng isang binata, "kailangan ko ng patience. At kailangan ko po ito right this minute!" Nakakarelate ako diyan. Kung may kailangan ako bukas, maghihintay na lang ako hanggang bukas bago i-request ito. Pero iba ang pananaw ni God sa atin. Ang sinasabi Niya ay iba ang ways and thoughts Niya sa atin. Ang ibig sabihin ba nito ay magkaiba tayo ng wavelength? Oo. Ang ibig sabihin ba nito ay wala Siyang pakialam sa pangangailangan natin? Not at all.

The difference is perspective. Nakikita ni God ang dulo mula sa simula. Ang nakikita lang natin ay yung nasa harap natin. Isipin mo nalang na parang ganito ito: I-visualize mo na ang isang langgam ay naglalakad sa isang tabla. Lumapit ka at harangin mo ng kamay mo ang dadaanan ng langgam. Ang nakikita lang ng kawawang insekto ay ang "pader," isang napakalaking kamay na pumipigil sa kanya. Pero ikaw, nakikita mo ang big picture, kung ano ang nangyayari.

Convinced ako na prinoprotektahan tayo ni God na hindi malagay sa mga specific na sitwasyon at magkaroon ng mga relationships dahil Siya, sa Kanyang wise providence, ay inilalayo lang tayo sa pinakamalaking pagkakamali ng buhay natin.

Maraming bagay na hindi natin lubos na maiintindihan, especially yung mga bagay na akala mo ay God's will pero hindi naman nangyayari. Kapag ilang taon na ang nakakalipas matapos mong maranasan ang heartache mo at ang mga di masasagot-sagot na mga tanong mo, masasabi mo rin, "Kahit gaano kalalim ako nagmahal, kahit gaano kasakit nung hindi nagwork out, ngayon ay nakikita ko na na may ibang gusto ang Diyos para sa akin na hindi ko makita noon."

Kung si God, sa pamamagitan ng circumstances, ay may isinarang pinto sa buhay mo, kahit gaano kasakit, isipin mo nalang na may iba Siyang gusto para sa iyo—na mas mabuti para sa buhay mo—na mararanasan mo in the future. Pero hanggang hindi pa nangyayari yun, dapat matutunan mo ang patience, at marealize mo na kaya kang bigyan ni God ng grace na sapat para sa pangangailangan mo.

Ang ibig sabihin ba nito ay dapat sabihin natin, "Thank You, Lord, sa broken heart ko!"? Hindi naman. Nang sabihin ni Apostle Paul na we should "give thanks in all circumstances . . .

for this is God's will . . . in Christ Jesus" (1 Thessalonians 5:18), ang sinasabi niya ay dapat tayong magpasalamat kung sino si God. He is great enough, sufficient enough for what happens.

I-consider naman natin ang ilan sa mga practical issues na pwede mong harapin bilang isang single sa mundo ng mga couples.

Doing the right thing at the wrong time

Ang issue ng timing ay critical sa buhay. Hindi kung gaano kagaling mag-swing ng bat ang baseball player ang crucial; ang crucial ay ang timing niya. Dapat matutunan din ng mga golfers na ang lakas ng pag-swing ay hindi kasing-importante ng kung tatama ba ang club niya sa bola—timing. Sa love and marriage, marami sa mga pagkakamali ng tao ay resulta ng hindi alam kung kelan dapat gawin ang isang bagay. Again, timing.

Ang pagmamadali ang pinanggagalingan ng nine-tenths ng mga pagkakamali natin. Mula pa nung panahon ni Abraham, na nagmadaling makita ang ipinangakong anak ng Diyos, hanggang sa mga couples ngayon na nagsasabing, "Why wait? Magpapakasal naman kami eh," importante talaga ang timing.

Ang *De Oude Kerk,* na ang ibang sabihin ay "The Old Church" sa Dutch, ang pinakamatandang church sa city ng Amsterdam. Ito'y nakatayo na mula pa noong sixteenth century. Sa isa sa mga pintuan nito kung saan nag-aassemble ang mga marriage commissars ay may inscription na nagsasabing. "Marry in haste, repent in leisure."

"Marry in haste, repent in leisure!"—magandang advice para sa kahit anong generation. Wala nang ibang relationship ang makakaapekto sa buong buhay mo other than marriage. Kung mas maghihintay at mag-iisip nang mabuti ang mga tao bago lumakad papunta sa altar, marami ang hindi na maglalakad papunta rito.

Marami sa mga nagmamadaling mag-asawa ay guilty sa maling pag-iisip. Eto ang ilan sa mga ilusyong pinaniniwalaan nila:

Illusion 1: **"Things will be better after we are married."** Mas lumalabas ang totoong ugali pag nagpakasal na kayo. Ang isang lalaking mabait at puno ng konsiderasyon ay mas lalo pang babait through the passing of years habang mas nadedevelop ang relationship ninyo. On the other hand, ang taong walang konsiderasyon at masama ang ugali ay hindi basta-bastang babait pagkatapos ng kasal.

Illusion 2: **"It doesn't really matter."** Wala nang iba pang maling kaisipan na mas makakaloko pa sa iyo. "Pareho ba kayong Christians?" tinatanong ko minsan sa mga couples na gustong magpakasal. Magtitinginan sila at sasabihing, "Hindi pa kami nag-uusap tungkol sa religion!" Pag may mga major social o cultural differences at hindi naharap ang mga issues na yun, marami ka nang panahon para magsisi.

Kapag nagpakasal ang dalawang tao, may dinadala sila sa altar na isang malaking baggage kung saan andun ang mga bagay na related sa heredity, habits, culture, temperament at attitudes nila. Mas mabuting mag-slowdown ka muna at alamin kung anong nasa loob ng bagahe na dadalhin ng mapapangasawa mo sa altar.

Illusion 3: **"What you don't know shouldn't bother you."** Mali. The better you know each other, mas madali ninyong makocommunicate ang nararamdaman ninyo. At dahil dito, mas malaki ang chance ninyong ma-achieve ang happiness. May definite correlation ang contentment sa marriage sa ability ng mag-asawa na magcommunicate nang malalim. Dapat ay mabother ka sa hindi mo alam tungkol sa mapapangasawa mo. Baka ang madiscover mo—na baka too late na

pag nalaman mo para makaatras pa—ay pang-galingan lang ng matinding pagsisisi mo later on.

Illusion 4: **"If I don't get him or her now, I may never have another chance to marry."** Mali na naman. Basahin mo ang sinabi ng isang babaeng natutunan ito the hard way: "Dear Dr Sala, Nag-aagree ako sa sinabi nyo na dapat maghintay tayo sa kung sino ang pinili ni God para sa atin. Hindi ko ito ginawa at dahil dito, habambuhay na akong magsusuffer."

Illusion 5: **"Even if we get married in haste, we know our love will be enough."** "Mahal namin ang isa't isa," naririnig kong sinasabi ng mga tao. Sa isip nila, ang love ay isang warm emotion lang na nagpapatakbo ng adrenaline sa ugat natin; hindi nila natutunan na ang love ay isang decision, isang commitment to care, kahit ano pa ang temperature ng puso mo. Ang real love ay lumalago kapag nababawasan na ang ganda dahil sa mga kulubot sa noo at mga puting buhok.

Take your time. Ito na siguro ang pinaka-importanteng advice na makukuha mo.

Pero paano pag sobrang tagal kong naghintay? Baka mamiss-out ko ang lahat!

Excuse me, pero may tanong ako: "Mamiss ang ano?" Mamiss mo ang heartache ng pamumuhay ng dalawang strangers na hindi naman nagkoconnect spiritually? Mamiss mo ang pagpunta sa church na mag-isa ka lang? Mamiss mo ang maabuso? Mamiss mo ang sakit sa pangangarap na sana ay maging intimate at open sa iyo ang asawa mo? Thanks, but no thanks!

Kung may isang bagay na worse pa sa pagiging single (kung ganun nga ang tingin mo sa pagiging single), ito ang pagiging married sa maling tao. Take, for example, ang mga words na ito: "Dear Dr Sala, Parang ang sinasabi ninyo ay magproprovide si God ng asawa. Hindi mo pwedeng i-assume ito. Meron akong kaibigang babae na ginawa ang sinabi mo—nagtiwala kay God na magpapadala sa kanya ng asawa. May mga tinurn down siyang mga binata na nagkainteres sa kanya. Ngayon, sixty na siya, walang asawa, at bitter kay God."

May mga sitwasyon na konti lang ang mga Christian na binata. Libu-libong mga Pinay ang pumupunta sa Amerika kung saan ay doble-doble pa ang kikitain nila kung ikukumpara sa kikitain nila sa Pilipinas. Siyempre, ang gusto sana nilang mapangasawa ay yung compatible

ang kultura sa kanila; gusto nilang mag-asawa ng Pilipino din na may kapareho nilang values at outlook sa buhay.

Ngunit hindi kasindami ang mga lalaking ito dahil sa immigration policies. Dahil dito, frustrated ang mga babae. "Anong gagawin ko?" tanong nila.

Eto ang tatlong options:

Option 1: Umuwi ka sa bansa mo kung saan mas marami kang makikilalang lalaking papasa sa requirements mo para sa serious relationship.

Option 2: Lumipat ka ng trabaho, pwedeng sa ibang city (kung saan baka pareho rin lang sa sitwasyon mo ngayon).

Option 3: Tanggapin mong nagtratrabaho at nabubuhay ka ngayon kung nasaan ka dahil ito ang plano ng Diyos para sa iyo ngayon. Pwede kang magtiwala sa Kanya na tutugunin ang mga pangangailangan mo.

May plano ba si God sa buhay ko at may lalaki ba Siya para sa plano ko?

Hindi ako lalampas sa sinasabi ng Bible at ni wala ngang sinasabi doon na "may lalaki para sa bawat plano." Ang ipinangako Niya ay tutugunin Niya

ang pangangailangan mo. Sabi nga ni Apostle Paul sa Philippians 4:19, "And my God will meet all your needs according to his glorious riches in Christ Jesus."

Whether kailangan mo nga ng asawa ay isang issue na between you and God. Ang masasabi ko lang ay tungkol sa mga taong nagkaroon ng ganitong pangangailangan at paano ito sinagot.

Naniniwala si Dave Morrow na pwede kang magtiwala na sasagutin ng Diyos ang mga pangangailangan mo kapag ginagawa mo ang pinagagawa Niya sa iyo. Pinalaki si Dave sa isang mission field sa Africa. Pagkatapos ng kanyang seminary training, tinanggap niya ang position sa isang local church habang hinahanap pa rin ang babaeng sasama sa kanya sa pagbalik niya sa Africa.

Every Sunday, lagi niyang tinitingnan kung may bago bang mukha sa congregation. Finally, hiningi niya ang advice ko.

"Ano sa tingin mo ang gusto ng Diyos na gawin mo sa buhay mo?" ang tanong ko kay Dave.

"Sa tingin ko ay gusto Niyang sa Africa na ako," ang sagot niya.

"Kung ganun, gawin mo na ang kailangan mong gawin para makarating ka doon."

Ang Sudan Interior Mission, ang grupo kung saan nagseserve si Dave, ay kailangan siya sa medyo liblib na outstation na malayu-layo sa

Addis Ababa. "Gudlak nalang sa paghahanap mo ng asawa doon!" ang sabi ng mga tao kay Dave. Pero pumunta pa rin siya.

Meanwhile, ang isang Australian nurse ay nakaramdam ng tawag mula kay God na dapat siyang pumasok sa medical missions. Single siya at hinihiling na sana ay may makilala siyang pareho ang vision na magserve sa area ng missionary medicine. Wala man lang naging strong candidate sa mga kakilala niya. Finally, nagjoin siya sa parehong grupo na sinalihan ni Dave. Sinabi ng mga leaders sa kanya na may medical work na nangangailangan ng tao sa isang liblib na lugar sa labas ng Addis Ababa. Ang sabi ng pamilya at mga kaibigan niya, "Pag pumunta ka doon, siguradong magiging old maid ka na."

Dahil gusto niyang unahin ang will ni God kaysa sa paghahanap ng "the right man," nag-impake siya at pumunta sa Africa. Well, I'm sure alam nyo na kung ano ang sunod na nangyari. Nagkita sila ni Dave, na-inlove at nagpakasal. Pwedeng namiss sana nila ang "God's best" para sa buhay nila kung hindi nila inuna ang Diyos.

Mag-aagree sina John at Shannon Haslett. Makalipas ang ilang taon ng pagso-short-term missions, as singles, pareho silang nagdecide na pumunta sa Africa sa ilalim ng Youth With a Mission. "Taga-saan ka?" tinanong ni John si

Shannon nang magkakilala sila. Sumagot ang dalaga, binanggit ang bayan kung saan nakatira rin si John.

"Talaga?" nagulat si John. "Anong address mo doon?"

Sinabi ni Shannon. Amazed na amazed, ang sabi ni John, "Doon ako mismo nakatira!"

Believe it or not, pareho silang nakatira sa parehong apartment complex sa parehong city, sa parehong street, pero kinailangan pa nilang bumiyahe ng 7,000 miles para lang magkakilala, ma-inlove at magkaroon ng pamilya.

Pero paano kung na-miss ko ang plano ng Diyos noong . . . ?

Kamakailan lang, papunta ako sa isang church para mag-speak. Masaya akong nagdadrive sa freeway; ang coffee mug ko ay nakapatong malapit sa gear shift, habang nakikinig ako ng magandang music.

Bigla na lang ay may naramdaman akong mainit sa malapit sa may pantalon ko. Tumaob ang coffee mug, nabasa ang floor mat, at sumingaw ang init. Kumuha ako ng rag at sinubukang punasan ang basa. Kaso, hindi ko namalayan, lumampas na pala ako ng 5 miles sa tamang exit ko.

Pumalpak ako. So ano ngayon ang dapat kong gawin? Tapakan ang brakes, i-reverse ang gear, at umatras ng 5 miles? Not on your life!

Nagpause muna ako sandali at nag-isip, "Paano ba ako makakarating sa pupuntahan ko mula dito?"

Iyan ang question na dapat mong itanong sa sarili mo kung sakaling somewhere—isang gabi na hindi ka masyadong nakapag-isip, nung naoverpower ng puso mo ang utak mo, nang gusto mong maniwala sa sinasabi ng hormones mo—namiss mo ang plano ni God para sa buhay mo.

At that point dapat mong sabihin, "Ok, God, pumalpak po ako. Kinoconfess ko ito sa Iyo ngayon. Please forgive me and please show me how to get to where You want me to go with my life."

Paano kung hindi ko pa rin alam ang gagawin ko?

If that's the case, isang issue nalang ang dapat na i-consider mo. Itanong mo, "Ano ba ang gusto ng Diyos na gawin ko *ngayon*?" Pagkatapos, simulan mo nang gawin ito. Nung nasa early twenties pa lang ako, nung finifigure out ko pa kung anong gustong ipagawa sa akin ng Diyos, sinabi sa akin ni Paul Finkenbinder: "God's will is like a flashlight in a dungeon. It doesn't shine around

corners.It doesn't illuminate the next cave; it only gives you enough light for the next step."

What is important is not necessarily kung ano ang gustong ipagawa sa iyo ni God five years from now—pero kung ano ang gusto Niyang ipagawa sa iyo five minutes mula ngayon.

Gawin mo kung ano ang kailangan mong gawin ngayon, habang itinatanong kung ano ang dapat mong gawin bukas. Kung alam mo na kung ano ang next step—kahit maliit na step lang ito—take it.

Huwag kang mag-alala dahil si God ay bihirang maaga, pero never siyang nale-late. Sabi nga ni Corrie ten Boom na nung bata pa siya at sasakay na ng train, hindi ibinibigay sa kanya ng tatay niya ang ticket hanggang pasakay na sila. Magtiwala ka sa Diyos para sa ticket ng happiness at accomplishment ngayon, at magtiwala ka sa Kanya para sa kung ano ang mangyayari bukas. Tandaan mo ang sinasabi sa Ecclesiastes 3:11, "He has made everything beautiful in its time. He has also set eternity in the hearts of men; yet they cannot fathom what God has done from beginning to end."